

Araw ng Lunes sa Trabaho

ni Marren Araña Adan

Pagdilat, sumilip ako sa labas para tiyakin na hindi pa ako nakalalagpas sa lugar na bababaan. Nanlalabo pa ang mga matang bahagyang kinusot-kusot at naghagilap ang mga hintuturo ng mutang puwedeng makuha.

Nakahinto ang bus.

Ilang kilometro pa lang pala ang inusad mula sa pinagsakyan. Traffic. Sigurado na. Male-late naman ako. Lagi na akong sinasalubong ng mga ka-opisina ng bagaman ay parang biro sa kanila ay isang simpleng paglalahad lang ng katotohanan: “Good morning! Late ka na naman!” Nang minsa’y lunch break at nagpag-usapan na naman nila ang madalas kong pagdating nang late sa trabaho ay naibulalas ko na lamang ang para pang nagma-makata na “ Haay... apat na lungsod ng traffic!” Hindi ko balak magpatawa noon pero napahagik hik ang dalawa kong kasama. Kita pa ang kulay berdeng ice cream mula sa bibig na lumabis ang pagkakabukas sa pagtawa ng isa. Nakisabay na lamang ako sa pagtawa.

“ Baka ma-memohan ka na niyan!” Kumento ng isa.

“ O nga! Nabalitaan mo yung sa Auditing. Tatlong araw na suspendido.” Gatong naman ng isa.

“ Haha! Grabe ano. Kinakaltasan na naman sa sahod yung bawat late na minuto, may suspension pa!” Kumento ulit ng nauna.

Nagtawanan muli ang dalawa. Maaaring mangyari iyon sa kahit sino sa aming tatlo. Naalala ko na lang ang sabi ng isa ko pang kaibigan. Ang mga pa- artist daw, lagi silang mga nale-late.

Graduate ako ng Fine Arts sa isang unibersidad sa Maynila. Tini-train man kami sa pagpipinta at paglikha ng iba pang anyo ng *visual arts*, nakahiligan ko na rin ang pagsusulat. Sa katunayan, imbes na maging isang cartoonist, naging editorial writer ako ng aming school paper. Nang minsang maglathala ako ng kolum ukol sa pagiging kontraktuwal ng karamihan sa aming mga propesor ay naging alanganin pa ang aking pagiging iskolar. Hindi man binawi ang pagiging libre ng tuition ko, agad naman akong tinaggal bilang manunulat ng aming school paper. Nauwi sa pagba-vandal ng mga pader sa CR at silya ang aking talento. Doon na lamang inilabas ang aking mga saloobin sa loob at labas ng unibersidad.

Bahagya akong nag-ayos sa pagkakaupo nang makita kong labis na ang pagkakabuka ng aking mga binti sa upuan. Napalingson ako sa katabi kong natutulog. Bukas ang bibig ng babaeng estudyante. Ilang segundo akong napatitig sa

pakakanganga ng kanyang bibig. May maliit na dilaw na kendi na parang dudulas na sa ibabang bahagi ng kanyang dila.

Sa muli't mas maayos na paglapat ng ulo at likod sa sandalan ay naalala ko kung paano ako gumising kaninang umaga. Isa ang umagang ito (o napapadalas na?) sa pinakamahirap ang pagbangon mula sa higaang kutson. Nang gisingin ng alarm clock ng cell phone ay tanging ang kanang braso lamang ang bumangon mula sa pagkakahiga upang pindutin ang isang buton dito. Napatulala na naman ako sa puting kisame habang damang-dama ang kung anong bigat na dala ng umaga. Sinubukan pang alalahanin kung ano ang panaginip bago ang mekanikal na paggising. Pagtingin sa cell phone, dalawampung minuto na agad ang lumipas! Napaisip na lamang ako kung muli ba akong naka-idlip sa pagitan ng pagtunong ng cell phone at pagtingin sa oras. Kung bahagi ba ng panaginip ang pagkakatitig sa puting kisame at pagtatangkang alalahanin ang naudlot na panaginip (kung mayroon man).

Minsan na rin akong nanaginip na ako raw ay nasa trabaho. Kulay ng nag-aagaw liwanag at dilim sa hapon ang panaginip. Sa aming bahay, sa sala. Hindi man talagang narinig ang pangalan ko ay napalingon ako sa likod nang may nagsalitang tao. Bumangon ako at paglagpas ng pinto ng bahay ay nasa opisina na ako. Puting mga cubicle. Liwanag ng dapit-hapon. Lumulubog na araw sa kung saan. Walang mukha ang mga tao sa opisina. Kulay-abo. Parang mga anino. Lahat ay nakatutok sa kanya-

kanyang monitor. Maririnig ang mga pagtipa sa keyboard. Muling may tumawag sa akin kahit hindi ko narinig ang pangalan ko.

“Nasaan yung pinagagawa ko sa iyo?” Boses ng boss ko. Tanging bibig lamang ang nakikita ko. Bukas, sara. Bukas, sara.

“Yung pinagagawa ko? Sumagot ka!”

“Ho? Hindi ko po alam.” Sinubukan ko pang alalahanin kung ano ang nga ba ang iniutos sa akin. Blangko ang memorya. Pagbalik ng tingin ko sa aking kausap, nakita kong wala siyang saplot. Tumingin ako sa bandang dibdib. Malulusog na suso ngunit walang mga utong. Sumasabay ang bahagyang paggalaw ng mga suso sa pagsasalita ng boss ko.

“Yung pinagagawa ko? Tumingin ka sa akin!”

Pag-angat ng aking tingin ay naroon na ang mukha ng aking boss. Naroon pa rin ang namumuti niya ng bigote at sumisilip na puti ring mga buhok sa ilong. Doon natapos ang panaginip.

Matapos ang isang oras at kalahati ng biyahe ay bumaba ako sa Cubao. Isang magulo at makalat na office desk ang Cubao. Hindi mo alam kung lahat ng naroon ay totoong pangangailangan ng tao. Kung anu-anong mga ibinebenta, inaalok sa mga dumaraan doon. Lumagong gubat na ang mga tindahan sa gilid-gilid mismo ng EDSA.

Pero, magsanga-sanga man ang mga nakapuwestong tindahan sa bangketa nito, alam mo pa rin ang tiyak na puwesto kung saan makakabili ng sariwang prutas, pirated DVD's, tukneneng at kwek-kwek, at Marlboro lights. Parang laging nakikipag-laro ng tagu-taguan ang mga nagtitinda rito sa mga opisyal ng MMDA. Kapag nagtatakbo na ang kanilang look-out na nagsisigaw na ng "Andiyan na sila! Andiyan na sila!" ay dali-daling nagliligpit ang mga nagtitinda at mabilis na lilipat sa kalapit na eskinita. Isang laro na lang sa kanila ang biglaang tagu-taguan. Maririnig mo pang ngang nagtatawa ang ilan habang nagmamadaling magligpit ng mga paninda. Ang mga may kariton naman, tila nagkaka-karera pa.

Ilang minutong lakad pa ako patungo sa pinapasukang opisina. Nililingon ko pa ang nakapilang mga tao patungo sa istayon ng MRT at maghahanap kung may taong nakabuka ang bibig habang naghihintay sa pila. Isa itong tahimik na biro sa aking isip upang makasumpong naman ng bago sa mga mukhang naghihintay na pare-pareho na lamang ang histura sa araw-araw. Sa sarili man ay nakita ko na ang walang bakas na emosyon na mukha ng tao nang minsang nakita rin ang sarili sa repleksyon ng salamin sa bus. Naramdaman ko ang hindi maintindihang "pagkabitin". Ang mga mukhang na-traffic sa bus, naipit sa haba ng pila, ay mga blankong canvas na masarap sanang pintahan ng sari-saring kulay. Nag-iba ang bilis ng aking mga paa pagtingin ko sa aking relo.

“Late na kayo, sir!”

Bungad ng sikyo sa may entrance ng opisina. Mangingiti man ako bilang sukli sa ganoong pagbati ay medyo naaasar ako sa ganoong mga salita bilang pagsalubong sa akin. Aakto pa akong bumilis sa paglalakad bilang tanda na naunawaan ko ang kanyang mensahe. Nang makasabay sa pag-ihi sa CR, naikwento na naman ni manong sikyo ang panghihinayang sa buwanang kaltas na ibinabawas ng agency na nagpasok sa kanya roon.

“Ilang kilo na rin sana ‘yon ng bigas!”

Kino-kompyut niya pa nga kung magkano na sana sa isang taon ang suma ng regular na kinakaltas ng agency.

“Ilang kabang bigas na rin ang mabibili no’n!”

Kilo ng bigas, kaban ng bigas. Nang huli kong makitang nanananghalian si manong sikyo, dalawang nilagang itlog lamang ang kanyang nilalantakan. Inalok pa sa akin ang isa.

Pagdating ko sa aking cubicle, napansing kong wala pa roon ang katabing office mate. Walang babati ng “Good morning! Late ka na naman!” Laging maaga ang ka-opisina kong iyon sa pagpasok. Kaya, sa pagkakataong wala pa siya at nauna pa akong laging late-comer ay automatic na na siya ay naka-leave sa trabaho. Malamang,

nagbabantay na naman sa ospital si office mate ng anak niyang may *chronic disease* sa dugo. Awang-awa ako noong mangiyak-ngiyak itong nagbabasa ng kanyang payslip. Akala mo' y may pinalalabas na panggabing drama ang tinititigang papel.

“Putang ina! Putang ina! Hindi nila binayaran yung leave ko. Puuutaa...”

Sinugod niya ang aming office accountant na naka-puwesto sa kalapit na cubicle. Nabanggit niya pa ang mga salitang *chronic disease* para siguro lalo pang makonsensya sa pagkakamaling nagawa ang accountant na nag-kompyut sa sahod ni office mate. Nagpaulan man ng mga galit na salita si office mate, hindi ko narining na nagmura ito sa harap ng nasermunang accountant.

“Sowri pu, ma’am!” Ang nasabi na lamang ng baguhang accountant. Siya ang pumalit sa dati naming matandang accountant. Na-*force resignation* dahil higit sidenta’y singko na. Ayaw pa ngang mag-resign. Apatnapu’t apat na taon ang kanyang ginugol sa opisina. Sa pagkokompyut ng kita ng kumpanya, sa pagkokompyut sa kinsenas-katapusan niyang sahod at ng kanyang mga kasamahan sa opisina. Matandang-dalaga. Ang biro pa nga ng marami ay kasal siya sa kanyang malaking calculator. Bagaman, may mga mas mabilis na paraan na sa kompyuter upang magbawas at magsuma ng mga numero ay hinayaan na ng kumpanyang hindi maging diborsyo ang matanda sa kanyang calculator. Ilang linggo matapos maging taumbahay na lamang ay nagkasakit ito. Dalawang araw pa lamang sa pampublikong ospital ay binawian na ito ng buhay.

Balita pa ng kamag-anak, isang gabi bago matuluyan ang matanda, binangungot ito sa kanyang higaan sa ospital. Nakapikit na nagsisigaw at nanghigingi ng baterya para sa kanyang calculator. Balita pa namin, hindi pa raw naibibigay ng kumpanya ang separation pay ng matanda.

Binuksan ko ang aking kompyuter. Mabagal na nagbasa ang kompyuter. Parang mas tamad pa sa araw ng Lunes. Ilang minuto pa ay blue screen ang bumungad sa monitor. Walang anumang salita. Kailangan ko na namang magpatulong sa aming IT staff. Di- nial ko ang apat na numero.

“ Rrrriinnngggg!”

Lumipas ang higit sa limang ring, walang sumasagot sa telepono. Muling di-nial ang apat na numero.

“ Rrrriinnngggg!”

Walang tao?

Nang tumayo ako, saka ko lamang napansin na walang katau-tao sa opisina! May ilang metro ang lawak ng aming opisina na pinaglilagakan ng maraming cubicle bilang istayon ng iba't ibang departamento at empleyado. Ako lamang ang tao sa opisina! Sigurado naman akong araw ng Lunes ngayon at hindi naman mangyayari na magkakamaling pumasok ako ng week-end, o araw ng day-off, sa labis na pagkawala

sa sariling ulirat. Tumingin na rin ako sa kalendaryo ng aking cellphone. Matingkad ang letrang “M” sa kanan ng pulang letrang “S”. Monday. Lunes. Di-nial kong muli ang apat na numero sa IT. Wala pa ring sumasagot.

Sinilip ko ang cubicle ng aking katabing office mate. Sa may gilid ng monitor nito ay ang 2x2 na larawan ng kanyang anak. Sa ibaba nito ay ang istiker na “God loves you!” Bumalik ang aking tingin sa larawan. Napatitig sandali sa taong nasa maliit na larawan. Bigla kong inalis ang aking tingin nang mapansing parang bumubukas ang nakangiting mga labi nito.

Bumalik ako sa istasyon ng guwardiya. Wala na siya roon. Naroon ang luma niyang baunan na madalas paglagyan ng nilagang itlog. Pumunta ako sa office canteen ngunit wala ring mga tao. Wala ang mga panindang tsitsirya, biskwit, at cupcake sa aluminum na istante. Wala ring laman ang ref na pinaglalaman ng softdrinks at hilaw na hotdog. Nang mapayuko ako ay naisip kong kung ako’y nasa panaginip, ito na ang tiyak na pagkakataon upang magising. Sa panaginip, laging bigla akong nagigising sa mga tagpo o panahong matutuklasang ako (kung ako man iyon) ay nasa daigdig o oras ng panaginip lamang. Hindi ako naalimpungatan sa pagkakataong ito. May pag-aalangan pa akong bumalik sa aking istasyon sa takot ko. Naglakad akong may kaba at naka-kuyom ang mga kamao. Ano na’ng gagawin ko? Kukunin ko lang aking bag at uuwi na ako.

“ Rrrriinnngggg!”

Ginulat ako ng biglang pag-ring ng telepono sa aking istasyon. Nagmamadali kong sinagot ang telepono.

“Hello?”

Walang sumasagot.

“Hello?” Ulit ko.

Paglingon ko sa aking monitor ay tila biglang pumupusyaw ang kulay asul sa monitor. Habang naglalaho ang kulay asul sa monitor ay tila unti-unting binubunyag ang isang larawan. Inilapit kong bahagya ang aking ulo habang sinisipat ang larawan sa monitor. Hawak ko pa rin ang telepono. Nang tuluyan nang maging malinaw ang naroon sa monitor ay kinilabutan na lamang ako. Mukha iyong kuha mula sa CCTV. Ako ang nasa monitor, may hawak na telepono. Humigpit ang aking hawak sa telepono at ilang sandali pang napatulala na lamang sa monitor ay nakita ko ang tila isang anino ng anyong tao ang naglalakad palapit sa akin. Walang mababakas na mukha. Walang mga mata, ilong, o bibig. Wala akong pasubaling lumingon sa aking likuran. Tinging-diresto sa pasilyo. Kaliwa. Kanan. Walang tao o anino man na papalapit. Binalikan ko ng tingin mo ang monitor.

“Sheeeet!” Sambit ko. Sa pagitan ng bulong at sigaw.

Close-up na kuha na ito ng aking mukha. Mukhang canvas ng hindi maipintang gulat at takot. Nanlalaki ang mga mata. Nagpipigil ang nanginginig na mga labi. Mukha ko iyon. Biglang may kumalabit sa aking kaliwang balikat.

“Boss! Hanggang dito na lang kami!” sabi ng konduktor ng bus.

Pagsilip ko sa labas ay madilim na. Napatingin pa ako sa harap at likod na bahagi ng bus. Ako na lamang ang naiwang pasahero. Napatingin ulit ako sa labas ng bus. Gabi na nga. May dalang kung anong bigat sa akin ang gabing ito.

“Okay lang po kayo?”

Tumango na lamang ako bilang tugon sa tanong ng konduktor. Kumapa ako sa aking gilid. Wala ang aking bag.

“Hala, sir, may dala ba kayong gamit?”

“Wala”. Tugon ko. “Bayad na ba ako?”

Tinuro ng konduktor ang tiket na sumisilip sa bulsa sa kaliwang dibdib na bahagi ng aking polo.

Habang naglalakad sa gitnang pasilyo ng bus ay iniisip kong may nagnakaw ng bag ko. Kinapa ko ang mga bulsa sa harap at likod ng aking pantalon. Nasa mga bulsa ko pa ang aking cellphone, leather wallet, at panyo. Bumaba ako sa garahe ng mga

pampasaherong bus. Doon ay nakagarahe na ang iba pang mga bus. Gumarahe na rin ang sinakyan kong bus. Iniwanan pa ako ng maitim na buga ng tambutso.

“ Rrrriinnngggg!”

Tumunog ang alarm clock ng aking cell phone.

Tanging ang kanang braso lamang ang bumangon mula sa pagkakahiga upang pindutin ang isang buton dito.
